Victorian Catholic Education Authority

# Pahina ng Impormasyon ng NCCD para sa mga Magulang, Tagapag-alaga at Tagapagtanggol

## **Ang Pare-Pareho sa Boung Bansang Pangangalap ng Datus (NCCD)** ng mga estudyanteng may-kapansanan

### Ano ang Pare-pareho sa Buong Bansang Pangangalap ng Datus?

Ang mga paaralan ay kinakailangang mangumpleto ng *Nationally Consistent Collection of Data on School Students with Disability (NCCD)* (Pare-pareho sa Buong Bansang Pangangalap ng Datus) sa bawat taon. Ito ay ang pagbibilang kung ilan sa mga estudyante ang tumatanggap ng dagdag na tulong sa paaralan dahil sa kanilang kapansanan. Ang NCCD ay tumutulong sa pamahalaan na magplano para sa pangangailangan ng mga estudyanteng may-kapansanan.

### Sino ang binibilang sa pangangalap ng datus?

Bagi isasali ang isang estudyante sa NCCD, ang mga paaralan ay dapat isasa-isip ang ilang mga mahahalagang tanong:

1. Ang estudyante ba ay nakakakuha ng tulong sa paaralan para sila magakakaroon ng edukasyon katulad sa ibang mga estudyante?
2. Ang tulong ba ay ibinibigay dahil siya ay may-kapansanan? Ang katagang 'may-kapansanan' ay hango sa *Disability Discrimination Act 1992* (DDA) at maaaring kasama ang maraming estudyante.
3. Kinausap ba kayo o ang inyong anak ng mga kawani ng paaralan tungkol sa mga tulong na ibinibigay nila sa inyo?
4. May nakatagong ulat ba ang paaralan tungkol sa mga tulong na ibinibigay nila, ang pangangailangan ng estudyante at ang mga dahilan kung bakit kinakailangan ng estudyante ito? Ang paaralan ay kailangang magtago ng kopya ng mga pagsusulit, trabaho ng estudyante, pagtatasa, ulat sa mga mitings, ulat sa medikal o iba pang mga dokumento at impormasyon tungkol sa pag-unlad ng pag-aaral ng estudyante.

Kapag nagdesisyon ang paaralan na isasali ang estudyante sa NCCD, sila ay pipili ng isang grupo ng mga may-kapansanan at isa sa apat na lebel na tulong na ibibigay sa estudyante.

### Anu ang kahulugan ng 'may-kapansanan' sa NCCD?

Sa NCCD, ang katagang 'may-kapansanan' ay nagmula sa *Disability Discrimination Act 1992* (DDA). May apat na uri ng may-kapansanan na maaaring piliin ng isang paaralan: pakikiramdam, pag-iisip emosyonal o pakikitungo sa iba at katawan.

Maraming mga estudyante na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ay maaaring isali sa NCCD. Halimbawa, ang mga estudyanteng nahihirapan sa pag-aaral, katulad ng may natatanging kapansanan o kahirapan sa pagbasa (dyslexia), problema sa kalusugan (epilepsy o diabetes), may-kapansanan sa katawan (cerebral palsy), problema sa pagtingin/pakikinig at problema sa pakikitungo sa tao o emosyon (mutism, Autism Spectrum Disorder, anxiety).

Mga sulat ng mga doktor o ispesyalista ay makakatulong sa mga paaralan sa pagpaplano ng mga pagsusuporta sa pag-aaral ng mga estudyante. Hindi kinakailangan ng isang paaralan na mayroon ang mga dokumentong iyon bago makakasali ang estudyante sa NCCD. Maaaring gamiting ang mga guro ang lahat na kanilang nalalaman tungkol sa pag-aaral ng isang bata at ang mga ulat na nasagap nila upang makakapagdesisyon kung ito ay isasali sa NCCD.

## Anong tulong ang maibibigay ng paaralan sa mga estudyante?

Ang mga estudyante ay nangangailangan ng ibat-ibang uri ng tulong mula sa paaralan. Ang ilang mga estudyante ay maaaring mangangailangan ng maliit na tulong habang may mga na mangangailangan ng malaki at palagiang tulong. Ang uri ng tulong ay depende sa pangangailangan ng partikular na estudyante. Maaaring kasama sa tulong na ito ang pagbabago ng gusali ng paaralan o mga lupain (halimbawa: rampa o mga bagay katulad ng natatanging upuan o lamesa), dagdag na tulong ng guro sa mga klase, natatanging programa ng pag-aaral, pagpapalit sa mga asignatura ng mga bata o dagdag na tulong mula sa mga nakakatanda.

## Paano naiiba ang NCCD sa 2018?

Ang lahat ng mga paaralan ay nagbibilang ng mga estudyante para sa NCCD mula 2015. Ang pamahalaan ay gagamitin ang mga datos ng NCCD bilang bahagi ng pagpopondo sa mga paaralan.

## Ano ang kailangang malaman ng paaralan tungkol sa aking anak para sa NCCD?

Ang paaralan ay makikipagtulungan sa mga pamilya upang maiintindihan ang mga pangangailangan ng bawat bata. Mas nakakatulong kung ang mga pamilya ay magbibibgay sa mga guro ng kanilang anak ng isang kopya ng mga sulat at ulat tungkol sa kalusugan ng bata. Ang mga sulat at ulat na ito ay makakatulong sa mga kawani ng paaralan na maintindihan ang bata at malalaman ang mga kinakailangang niyang tulong. Ang mga sulat mula sa mga doktor, sikolohista, doctor sa pagsasalita, doctor ng pamilya, occupational therapists at ibapa ay maaaring makakatulong sa paaralan. Ang mga ulat na ito kasama na ang mga impormasyon na nasa mga guro (katulad ng mga pagsusulit, mga gawain ng inyong anak at mga plano sa pag-aaral) ay makakatulong sa pag-iintindi at pagsagot sa mga pangangailangan ng inyong anak.

## Ano ang mangyayari sa mga datos ng NCCD? Sino ang magtatago sa impormasyon ng NCCD?

Bawat prinsipal ng paaralan ay kailangang magtsek sa datos ng NCCD bawat Agusto kada taon. Ang paaralan ay magbibigay ng impormasyon sa Catholic Education Office. Ang paaralan ay makikipagtulungan sa Catholic Education Office upang matiyak na ang mga datos ng NCCD ay tama bago maisumite ito sa pamahalaan. Hindi ibubunyag ang pamahalaan ang pangalan ng sino mang estudyante o anumang sulat o ulat. Mangyaring humingi sa inyong paaralan tungkol sa kanilang "privacy policy' kung gusto ninyo.

## Kailangan ba ng paaralan ang aking pagpapayag tungkol sa pakikisali ng aking anak sa NCCD?

May mga pagbabago na ginawa ng batas: *Australian Education Act 2013* at *Australian Education Regulation 2013*. Ang isang paaralan ay hindi na kailangang kunin ang inyong pagpapayag upang

mapasali ang inyong anak sa NCCD.  Hindi ninyo pwedeng sabihin sa paaralan na hindi isali ang inyong anak dito.

## Saan ako maaaring makakakuha ng dagdag na impormasyon ?

Kung may mga katanungan kayo, maaaring magpatulong sa paaralan ng inyong anak. Maaaring makakakuha ng dagdag na kaalaman sa mga “links”:

- NCCD national website
- *Disability Standards for Education 2005*
- Australian Government Department of Education - NCCD